

TALASALITAAN: BAYAD NA BAKASYON AT BAYAD NA PAGLIBAN DAHIL SA SAKIT

MGA ORDINANSA NG LUNGSOD

Bayad na Bakasyon: *Kinakailangan ang bayad na bakasyon para magamit sa anumang dahilan (MCC 6-130)*

Dapat bigyan ng mga Taga-empleyo ang mga Empleyado na nagtatrabaho ng hindi bababa sa 80 oras sa loob ng anumang 120-araw na panahon ng kakayahang gumamit ng Bayad na Bakasyon (Paid Leave, PL) para sa anumang dahilan sa pagpili ng isang Empleyado

Bayad na Pagliban dahil sa Sakit at Kaligtasan: *Kinakailangan ang bayad na bakasyon para sa dahiling medikal at kaligtasan (MCC 6-130)*

Dapat bigyan ng mga Taga-empleyo ang mga Empleyado na nagtatrabaho ng hindi bababa sa 80 oras sa loob ng anumang 120-araw na panahon ng kakayahang gumamit ng Bayad na Pagliban dahil sa Sakit (Paid Sick Leave, PSL) para sa mga dahiling medikal at kaligtasan para sa parehong mga Empleyado at kanilang mga miyembro ng pamilya

MGA KAHULUGAN

Ang **Taon ng Benepisyo** ay nangangahulugang ang 12-buwan na panahon na itinakda ng Taga-empleyo para sa isang Empleyado na makatanggap ng mga benepisyo ng Bayad na Bakasyon at Bayad na Pagliban dahil sa Sakit.

Ang **Sinaklaw na Empleyado** ay sinumang nagtatrabaho ng hindi bababa sa 80 oras sa loob ng anumang 120-araw na panahon na nasa mga hangganan ng heograpiya ng Chicago

Ang **Taga-empleyo** ay sinumang mayroong isa o higit pang empleyado na nagtatrabaho sa Chicago

Ang **miyembro ng pamilya** ay anak ng Sinaklaw na Empleyado, legal na tagapag-alaga o ward, asawa sa ilalim ng mga batas ng anumang estado, kinakasama, magulang, asawa o magulang, kapatid, lolo't lola, apo, o sinumang indibidwal na may kaugnayan sa dugo o malapit na nauugnay sa Sinaklaw na Empleyado ay katumbas ng relasyon ng pamilya

KAHULUGAN NG LAKI NG TAGA-EMPLEYO PARA SA MGA LAYUNIN NG PAGBABAYAD

Malaking Taga-empleyo nangangahulugang isang Taga-empleyo na may nagtatrabahong 101 o higit pang Sinaklaw na Empleyado

Katamtamang Taga-empleyo nangangahulugang isang Taga-empleyo na may nagtatrabahong nasa pagitan ng 51 at 100 Sinaklaw na Empleyado

Maliit na Taga-empleyo nangangahulugang isang Taga-empleyo na may nagtatrabahong nasa pagitan ng 1 at 50 Sinaklaw na Empleyado

Tandaan: Tanging ang mga empleyado ng Chicago at HINDI MGA PANDAIGDIGANG EMPLEYADO ang binibilang para sa mga layunin ng mga kahulugan ito habang nalalapat ang mga ito sa Pagbabayad ng Bayad na Bakasyon.

SINO ANG SINASAKLAW?

Saklaw ng mga Ordinansa ng Chicago ang mga empleyadong nagtatrabaho sa loob ng mga heograpikal na hangganan ng Chicago, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon o ang lokasyon ng kanilang taga-empleyo. Kung ang iyong reklamo o partikular na sitwasyon ay hindi napapailalim sa hurisdiksyon ng OLS, isasangguni ka namin sa naaangkop na ahensya para sa tulong.

LABAN SA PAGHIHIGANTI

Labag sa batas para sa sinumang taga-empleyo na mandiskrimina o gumawa ng anumang masamang pagkilos laban sa sinumang indibidwal bilang paghihiganti para sa paggamit ng anumang karapatan sa ilalim ng Mga Batas sa Paggawa ng Chicago. Nalalapat ito sa sinumang naghahayag, nag-uulat o nagpapatotoo tungkol sa anumang probisyon ng batas, o isang tuntuning ipinahayag sa ilalim nito.

ANG GINAGAWA NAMIN

- Pagsisiyasat sa Mga Reklamo
- Magbigay ng outreach at edukasyon sa mga manggagawa
- Magbigay ng outreach at edukasyon sa mga taga-empleyo
- Mga mapagkukunan at referral
- **Libre ang lahat ng serbisyo**

TANGGAPAN NG MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA NG CHICAGO

BAYAD NA BAKASYON AT BAYAD NA PAGLIBAN DAHIL SA SAKIT

Ang petsa ng pagpapatupad ng Ordinansang ito ay sa **Lunes, Hulyo 1, 2024**. Inaatasan ang mga taga-empleyo na magkaloob ng Bayad na Bakasyon na gagamitin para sa anumang dahilan sa pagpili ng isang empleyado at ang Bayad na pagliban dahil sa sakit ay gagamitin para sa isang empleyado na pangalagaan ang kanilang sarili o ang isang miyembro ng pamilya.



BAYAD NA BAKASYON

- 1 Oras ng Bayad na Bakasyon para sa bawat 35 oras na trabaho (hanggang 40 oras (5 araw) sa loob ng 12 buwang panahon)
- Maaaring gamitin sa anumang dahilan pero maaaring tanggihan ng Taga-empleyo ang kahilingan sa paggamit
- Maaaring humiling na gumamit ng 90 araw pagkatapos ng Hulyo 1, 2024, o pagkatapos ng pagsisimula ng trabaho (alinman ang mas huli)
- Ang minimum na pagtaas ng paggamit ay hindi lalampas sa 4 na oras



PAGLIBAN DAHIL SA SAKIT

- 1 Oras ng Bayad na Pagliban dahil sa Sakit para sa bawat 35 oras na trabaho (hanggang 40 oras (5 araw) sa loob ng 12 buwang panahon)
- Maaaring gamitin para sa paggaling mula sa sakit, alagaan ang miyembro ng pamilya, tugunan ang karahasan sa tahanan, at mga pampublikong emergency sa kalusugan
- Maaaring gamitin 30 araw pagkatapos ng Hulyo 1, 2024, o pagkatapos ng pagsisimula ng trabaho (alinman ang mas huli)
- Ang minimum na pagtaas ng paggamit ay hindi lalampas sa 2 oras



CARRYOVER

- Hanggang sa 16 na oras ng Bayad na Bakasyon (kung hindi naka-frontload)
- Hanggang sa 80 oras ng Bayad na Pagliban dahil sa Sakit (kung ang oras ay naipon o na-frontload na)



PAGBABAYAD

- Hindi kinakailangan para sa Bayad na Pagliban dahil sa Sakit
- Bayad na Bakasyon
 - Kinakailangan para sa Malaking Taga-empleyo (101+ na Sinaklaw na Empleyado)
 - 2 Araw (16 na oras) para sa Katamtamang Taga-empleyo (51-101 Sinaklaw na Empleyado) hanggang Hulyo 1, 2025, kinakailangan lampas sa petsang ito
 - Hindi kinakailangan para sa Maliit na Taga-empleyo (1-50 na Mga Sinaklaw na Empleyado)



Office of Labor Standards
2350 W. Ogden Avenue, 2nd Floor
Chicago, Illinois 60608
[Chicago.gov/LaborStandards](https://chicago.gov/LaborStandards)

Makipag-ugnayan sa:
bacplaborstandards@cityofchicago.org
(312) 744 - 2211
I-scan ang QR Code para makahanap ng impormasyon para sa bawat Batas sa Paggawa:



PILYEGO NG KATOTOHANAN NG BAYAD NA BAKASYON AT BAYAD NA PAGLIBAN DAHIL SA SAKIT NG CHICAGO

PAG-IIPON NG BAKASYON

RATE NG PAG-IIPON

Ang isang Sinaklaw na Empleyado ay nakakaipon ng **1 oras na Bayad na Bakasyon** para sa bawat 35 oras na trabaho (hanggang 40 oras). (5 araw) sa isang Taon ng Benepisyo) AT

1 oras ng Bayad na Pagliban dahil sa Sakit para sa bawat 35 oras na trabaho (hanggang 40 oras). (5 araw) sa isang Taon ng Benepisyo)

PARAAN NG PAG-IPON

Ang isang Sinaklaw na Empleyado ay nakakakuha ng Bayad na Bakasyon at Bayad na Pagliban dahil sa Sakit batay sa dami ng oras na sila ay nagtrabaho.

Mga Sitwasyon:

- Si Empleyado "A"-ay isang full-time na empleyado na nagtatrabaho ng 40 oras sa isang linggo, makakaipon siya ng 1.14 na oras ng PL at PSL bawat linggo. *tandaan na maaari silang limitahan sa 40 oras bawat taon ng benepisyo.
- Si Empleyado "B"-ay isang part-time na empleyado na nagtatrabaho ng 20 oras sa isang linggo, makakaipon siya ng .57 oras ng PL at PSL bawat linggo, at hindi siya makatutugon sa limitasyon ng taon ng benepisyo.

PARAAN NG PAG-FRONTLOAD

Ang pagbibigay ng halaga sa bakasyon para sa isang taon ng benepisyo na nakakatugon sa mga minimum na kinakailangan ng Ordinansa (40 oras ng PL at/o 40 oras ng PSL) sa isang Sinaklaw na Empleyado sa simula ng taon ng benepisyo.

Mga Sitwasyon:

- Si empleyado "A"-ay binibigyan ng 40 oras ng PL at 40 oras ng PSL tuwing ika-1 ng Enero at magagamit niya kaagad.
- Si Empleyado "B"- ay kinuha bilang isang part-time na empleyado at binigyan ng 30 oras ng PL at 30 oras ng PSL dahil inaasahan lamang siyang magtatrabaho ng 1,050 oras sa taon ng benepisyo.

PARAAN NG HALONG PAGKALKULA

Maaaring piliin ng Taga-empleyo na ihalo at gamitin ang mga Pamamaraan ng Pag-iipon at Pag-frontload. Halimbawa, ang mga full-time na empleyado ay gumagamit ng paraan ng pag-frontload habang ang part time na empleyado ay gumagamit ng paraan na pag-iipon; o Ang Bayad na Bakasyon ay naka-frontload, at ang Bayad na Pagliban dahil sa Sakit ay naipon para sa lahat ng mga empleyado.

PAGGAMIT NG BAKASYON

MGA DAHILAN PARA GAMITIN ANG BAKASYON

Ang Bayad na Bakasyon ay maaaring gamitin para sa anumang dahilan sa pagpili ng Sinaklaw na Empleyado.

Ang Bayad na Pagliban dahil sa Sakit ay maaaring gamitin ng isang Sinaklaw na Empleyado para:

- Pumunta o makakuha ng regular at pang-iwas na pangangalagang medikal
- Magpagaling mula sa sakit
- Alagaan ang isang miyembro ng pamilya
- Tugunan ang mga sitwasyon ng karahasan sa tahanan
- Bilang tugon sa isang pampublikong emerhensiya sa kalusugan

BAYAD NA BAKASYON (PL)

Magsisimulang makaipon ng PL ang Isang Sinaklaw na Empleyado sa Hulyo 1, 2024, o ang kanilang unang araw ng pagtatrabaho (alinmang petsa ang mas huli).

Ang Sinaklaw na Empleyado ay maaaring humiling na gamitin ang PL **90 araw** pagkatapos ng Hulyo 1, 2024, o **90 araw** pagkatapos ng kanilang pagsisimula ng pagtatrabaho (alinmang petsa ang mas huli).

BAYAD NA PAGLIBAN DAHIL SA SAKIT (PSL)

Magsisimulang makaipon ng PSL ang isang Sinaklaw na Empleyado sa Hulyo 1, 2024, o ang kanilang unang araw ng pagtatrabaho (alinmang petsa ang mas huli).

Ang Sinaklaw na Empleyado ay maaaring humiling na gamitin ang PSL **30 araw** pagkatapos ng Hulyo 1, 2024, o **30 araw** pagkatapos ng kanilang pagsisimula ng pagtatrabaho (alinmang petsa ang mas huli).

MINIMUM NA PAGTAAS NG PAGGAMIT

Bayad na Bakasyon- Maaaring magtakda ang isang Taga-empleyo ng minimum na pagtaas ng paggamit na hindi maaaring lumampas sa **4 na oras**.

Bayad na Pagliban dahil sa Sakit - Maaaring magtakda ang isang Taga-empleyo ng minimum na pagtaas ng paggamit na hindi maaaring lumampas sa **2 oras**.

ABISO NG PAGGAMIT

- Bayad na Bakasyon- Maaaring hindi mangailangan ng dokumentasyon ang isang Taga-empleyo para sa paggamit ng PL; gayunpaman, ang isang Taga-empleyo ay maaaring magtatag ng mga patakaran bago ang pag-apruba para matiyak ang pagpapatuloy ng mga pagpapatakbo ng negosyo.
- Bayad na Pagliban dahil sa Sakit- Maaaring mangailangan ang isang Taga-empleyo ng hanggang 7 araw na abiso kung matatantya ang paggamit. Maaari lamang hilingin ang dokumentasyon pagkatapos gumamit ng PSL ang Sinaklaw na Empleyado sa loob ng 3 magkakasunod na araw ng trabaho.

CARRYOVER AT PAGBABAYAD

CARRYOVER NG BAYAD NA BAKASYON

Ang isang Sinaklaw na Empleyado ay maaaring mag-carryover hanggang sa **16 na oras** (*2 araw) ng naipon at hindi nagamit na Bayad na Bakasyon mula sa isang Taon ng Benepisyo hanggang sa susunod.

TANDAAN: Kung ang Bayad na Bakasyon ay na-front-load sa simula ng isang Taon ng Benepisyo, maaaring piliin ng Taga-empleyo na HINDI payagan ang carryover.

PAGBABAYAD NG BAYAD NA BAKASYON

Ang naipon at hindi nagamit na Bayad na Bakasyon (ibigay man sa pamamagitan ng accrual o pag-front-load) ay dapat bayaran sa pagtatapos ng trabaho.

- Kinakailangan para sa isang Malaking Taga-empleyo
- Isang limitasyon na hanggang 16 na oras (*2 Araw) para sa isang Katamtamang Taga-empleyo hanggang Hulyo 1, 2025, sa buong halaga pagkatapos ng petsang iyon.
- HINDI kinakailangan para sa isang Maliit na Taga-empleyo

TANDAAN: Ang halaga ng pagbabayad ay limitado sa tagal ng oras na ipinag-uutos ng Ordinansa.

CARRYOVER NG BAYAD NA PAGLIBAN DAHIL SA SAKIT

Ang isang Sinaklaw na Empleyado ay maaaring mag-carryover hanggang sa **80 oras** (*10 araw) ng naipon at hindi nagamit na Bayad na Pagliban dahil sa Sakit mula sa isang Taon ng Benepisyo patungo sa susunod.

TANDAAN: Nalalapat ang probisyon ng carryover na ito sa parehong paraan ng pag-iipon at pag-front-load para sa Bayad na Pagliban dahil sa Sakit.

PAGBABAYAD NG BAYAD SA PAGLIBAN DAHIL SA SAKIT

Ang pagbabayad ng Bayad na Pagliban dahil sa Sakit ay HINDI kinakailangan ng Ordinansa maliban kung ipinag-uutos ng isang Kolektibong Kasunduan sa Pagkakasundo (Collectively Bargained Agreement).

MGA PATAKARAN NG TAGA-EMPLEYO AT PAG-IINGAT NG RECORD

Ang Mga Kinakailangang Rekord sa ilalim ng Ordinansa na dapat ingatan ng Mga Taga-empleyo ay nalalapat lamang sa Mga Sinaklaw na Empleyado na ang mga regular na tungkulin sa trabaho ay nangyayari sa loob ng mga hangganan ng heograpiya ng Lungsod.

MGA PATAKARAN SA PAUNANG PAG-APRUBA NG TAGA-EMPLEYO

Dapat malaman ng mga Sinaklaw na Empleyado kung ano ang kanilang paninindigan at makakagawa ng mga plano. Ang pagtanggap sa isang kahilingan ng Bayad na Bakasyon na ginawa bilang pagsasaalang-alang sa mga pangangailangan sa pagpapatakbo ng Taga-empleyo ay dapat isaalang-alang ang mga nauugnay na salik tulad ng:

- Ang pagbibigay ng Bayad na Bakasyon sa isang partikular na yugto ng panahon ay makabuluhang makakaapekto sa mga operasyon ng negosyo
- Nagbibigay ba ang Taga-empleyo ng mahalagang pangangailangan o serbisyo sa kalusugan, kaligtasan, o kapakanan ng mga tao ng Chicago
- Pareho ba ang pagtrato sa mga empleyadong may katulad na posisyon (tungkol sa pagsusuri, pag-apruba at pagtanggap ng Bayad na Bakasyon)
- May makabuluhang pag-access ba ang Sinaklaw na Empleyado na gamitin ang lahat ng Bayad na Bakasyon na nararapat nilang makuha sa Taon ng Benepisyo

MGA KINAKAILANGAN SA PAGPAPANATILI NG REKORD

Ang mga taga-empleyo ay dapat magpanatili ng mga sumusunod na rekord sa loob ng hindi bababa sa 5 taon:

- Pangalan ng Sinaklaw na Empleyado at impormasyon sa pakikipag-ugnayan habang nagtatrabaho sila (address sa mail, numero ng telepono, e-mail address)
- Petsa ng pagsisimula; at petsa ng pagtatapos kung naaangkop
- Pag-uuri ng trabaho at mga titulo (ibig sabihin, full-time, part-time, pana-panahon)
- Oras na nagtrabaho
- Mga rate ng sahod
- Mga oras na naipon at ginamit sa Bayad na Bakasyon at Bayad na Pagliban dahil sa Sakit
- Kahilingan ng Sinaklaw na Empleyado na gamitin ang Bayad na Bakasyon at/o Bayad na Pagliban dahil sa Sakit
- Natitirang mga balanse sa Bayad na Bakasyon at/o Bayad na Pagliban dahil sa Sakit

NAKASULAT NA ABISO NG AVAILABLE NA BAKASYON

Ibibigay ng Taga-empleyo kapag binayaran ang sahod. Dapat kasama sa abiso ang:

- Naipong Bakasyong nakuha mula noong huling abiso (oras na naipon)
- Bakasyong ginamit mula noong huling abiso (kung mayroon man)
- Available na Bakasyon na magagamit

Maaaring ibigay sa pamamagitan ng mga makatuwirang pamamaraan

- Mga paystub
- Mga online na sistema kung saan ma-access ng mga Empleyado ang kanilang sariling impormasyon
- Isang hiwalay na nakasulat na abiso